

*Please Post Where Employees Can Read It Easily
(Pakipaskil Kung Saan Madali Itong Mababasa ng mga Empleyado)*

LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO



ABISO SA MGA EMPLEYADO -- DISYEMBRE 8, 2020 **Ordinansa ukol sa Pinakamababa nang Posibleng Ibayad** **(Minimum Compensation Ordinance)**

Kontratista ng Lungsod at County ng San Francisco ang empleyadong ito. Saklaw ng Ordinansa ukol sa Pinakamababa nang Posibleng Ibayad Minimum Compensation Ordinance, MCO) ang kasunduang kontrata (contract agreement) na ito. Kung gumawa kayo ng anumang trabaho sa ilalim ng naaayong kontrata sa ilalim ng kasunduang kontrata na ito, kailangang bigyan kayo ng hindi bababa sa Pinakamababa nang Posibleng Ibayad (Minimum Compensation) ayon sa nakasulat sa ibaba:

MGA KARAPATAN NINYO ITO. . .

1. Pinakamababang Bayad Kada Oras:

Para sa mga kontratang pinasok o nabago noong Oktubre 14, 2007 o pagkatapos ng petsang ito

- Ang Halaga para sa For-Profit (pangnegosyo) ay **\$18.24/oras na may bisa simula 7/1/20**
- Ang Halaga para sa Non-Profit (hindi pangnegosyo) ay **\$17.05/oras na may bisa simula 12/8/20**
- Ang Halaga para sa Public Entities (Pampublikong Entitdad) ay **\$17.25/oras na may bisa simula 9/1/20**
- Puwedeng magbago ang mga halaga; kung gayon, kailangang bayaran ng taga-empleyo ninyo ang kasalukuyang halaga na nakapaskil sa website ng OLSE na: www.sfgov.org/olse/mco

Para sa mga kontratang pinasok bago ang petsang Oktubre 14, 2007

- Para sa trabahong ginawa sa loob ng Lungsod ng S.F.: Minimum Wage o Pinakamababa nang Posibleng Sahod sa SF (\$16.07/oras na may bisa simula 7/1/20)
- Para sa trabahong ginawa sa labas ng S.F.: \$10.77/oras

2. May Bayad na Araw ng Pagliban (Days Off):

- 12 may bayad na araw ng pagliban kada taon para sa bakasyon, pagliban dahil sa sakit (sick leave) o personal na pangangailangan
 - Prorated (nakabatay sa kabuuang bilang ng oras ng trabaho) ang may bayad na araw ng pagliban ng part-time na empleyado batay sa mga oras ng trabaho

3. Walang Bayad na Araw ng Pagliban:

- 10 walang bayad na pagliban kada taon
- Prorated (nakabatay ang dami) ang walang bayad na araw ng pagliban ng part-time na empleyado batay sa mga oras na trinabaho

**KUNG NANINIWALA KAYONG NILALABAG ANG INYONG MGA KARAPATAN, KONTAKIN ANG
OPISINA PARA SA PAGPAPATUPAD NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA
(OFFICE OF LABOR STANDARDS ENFORCEMENT) SA (415) 554-7903.**

Office of Labor Standards Enforcement (OLSE)

City Hall, Room 430

1 Dr. Carlton B. Goodlett Place

San Francisco, CA 94102

www.sfgov.org/olse/mco